Kung Kayo Ay May Sariling Negosyo

2016

Ang karamihan ng mga taong nagbabayad sa Social Security ay namamasukan sa isang maypatrabaho. Binabawas ng pinagtatrabahuhang ito ang buwis ng Social Security sa kanilang suweldo, tinutumbasan ang kontribusyong ito at pinadadala ang mga buwis sa Internal Revenue Service (IRS) at iniuulat ang sinahod sa Social Security. Subali't ang mga taong may sariling negosyo ay dapat magbigay-ulat tungkol sa kanilang kinita at magbayad ng kanilang buwis deretso sa IRS.

Kayo ay may sariling negosyo kung kayo ay nagpapatakbo ng isang pangangalakal, negosyo o propesyon, mag-isa man kayo o bilang isang kasosyo. Iniuulat ninyo ang inyong kita sa Social Security tuwing kayo ay nagpa-file ng pederal na income tax return. Kung ang inyong netong kinita ay $400 o mahigit pa sa isang taon, dapat ninyong iulat ang inyong kinita sa Schedule SE bukod pa sa ibang mga pormularyo para sa buwis na dapat ninyong i-file.

Pagbabayad ng buwis ng Social Security at Medicare

Sa kasalukuyan, kayo at ang inyong taga-empleyo ay bawat isang nagbabayad ng 6.2 porsiyentong buwis sa Social Security na hanggang sa $117,000 ng inyong kita at 1.45 porsiyentong buwis sa Medicare sa lahat ng inyong kita. Kung kayo ay self-employed, babayaran ninyo ang pinagsamang mga halaga ng empleyado at maypagawa, na isang 12.4 porsiyentog buwis sa Social Security na hanggang sa $ 117,000 ng inyong netong kita at isang 2.9 porsiyentong buwis sa Medicare sa inyong buong netong kita. Kung kayo ay kumita ng higit sa $200,000 ($250,000 para sa mag-asawang magkasamang nag-file), dapat kayong magbayad ng 0.9 porsiyentong higit pa bilang buwis sa Medicare.

May dalawang pagbabawas ng buwis sa kinita na magpapababa ng inyong buwis.

Una, ang inyong netong kinita mula sa sariling negosyo ay binabawasan ng kalahati ng kabuuan ng inyong buwis ng Social Security. Ito ay katulad ng paraan kung paano itinuturing ang mga empleyado sa ilalim ng batas ng buwis, sapagkat ang bahagi ng maypatrabaho sa buwis ng Social Security ay hind itinituturing na sahod ng empleyado.

Pangalawa, maari ninyong ibawas ang kalahati ng inyong buwis ng Social Security sa IRS Form 1040. Ngunit ang pagbabawas ay dapat kunin sa inyong kabuuang kinita sa pagkalkula ng inyong inakmang kabuuang kita. Hindi maari ang pagtatala ng itemized na bawas at hindi dapat ilista sa inyong Schedule C.

Kung kayo ay may sinasahod at kumikita rin sa sariling negosyo, ang buwis sa inyong sahod ang unang binabayaran. Subalit ang alituntuning ito ay mahalaga lamang kung ang kabuuan ng inyong kita ay hihigit sa $117,000. Halimbawa, kung kayo ay sasahod ng $30,000 at kikita ng $40,000 mula sa inyong sarilingnegosyo sa taong 2014, babayaran ninyo ang naaangkop na buwis ng Social Security para sa inyong sinahod at kinita sa negosyo. Ganoon pa man, sa 2014, kung ang inyong sahod ay $77,500 at kayo ay kumita ng netong $39,700 mula sa negosyo, hindi kayo magbabayad ng dobleng buwis ng Social Security sa mga kinitang mahigit sa $117,000. Ibabawas ng inyong maypatrabaho ang 7.65 porsiyento para sa buwis ng Social Security at Medicare mula sa inyong kinitang $77,500. Kailangan kayong magbayad ng 15.3 porsiyento para sa buwis ng Social Security at Medicare sa inyong unang $32,600 na kinita sa sariling negosyo at 2.9 porsiyento para sa buwis ng Medicare sa nalalabing netong kinita na $200.

Mga kredito sa pagtatrabaho

Kinakailangan kayong nakapagtrabaho at nakapagbayad ng buwis ng Social Security nang tiyak na haba ng panahon upang tumanggap ng mga benepisyo sa Social Security. Ang kailangang tagal ng panahon ng inyong pagtatrabaho ay batay sa petsa ng inyong kapanganakan, nguni't walang sinuman ang nangangailangan ng higit sa sampung taong pagtatrabaho (40 na kredito).

Sa 2014, kung ang inyong netong kinita ay $4,800 o mahigit, makakamit ninyo ang pinakamataas na apat na kredito sa isang taon—isang kredito para sa bawat kinitang $1,200 para sa taon. Kung ang inyong netong kinita ay mas mababa sa $4,800, maaari pa rin kayong magkamit ng kredito sa pamamagitan ng opsiyonal na paraan na ilalarawan sa bandang huli nitong fact sheet.

Lahat ng inyong kinita na saklaw ng Social Security ay gagamitin sa pagkakalkula ng inyong benepisyo sa Social Security. Kaya mahalagang maiulat ninyo ang lahat ng kinita,tulad ng inuutos ng batas.

Pagtatantiya ng inyong netong kinita

Ang mga netong kinita para sa Social Security ay ang inyong kabuuang kita mula sa inyong pangangalakal o negosyo, menos ang pinahihintulutang pagbabawas ninyo sa pangangalakal at depresasyon.

Ang ilang mga kinita ay hindi kabilang sa Social Security at hindi dapat isama sa pagtantiya ng inyong netong kinita:

- Mga dibidendo mula sa parte sa sosyo at interes sa mga bono, maliban kung natanggap ninyo ang mga ito bilang isang komersiyante sa stocks at securities;
- Interes sa mga pautang, maliban kung ang inyong negosyo ay pagpapautang ng pera;
- Upa mula sa lupain, maliban kung kayo ay komersiyante sa lupa o regular na nagbibigay-serbisyo sa kaginhawahan ng nakatira; o
- Kita na natanggap mula sa isang maytakdang sosyohan.

Opsiyonal na paraan

Kung ang inyong tunay na netong kinita ay mas mababa kaysa $400, ang inyong kinita ay mabibilang pa rin sa Social Security alinsunod sa isang opsiyonal na paraan ng pag-uulat. Magagamit ang opsiyonal na paraan kung ang

(kabila)

inyong kabuuang kita ay $600 o mahigit o kapag ang inyong tubo ay mas mababa kaysa $1,600.

Magagamit ninyo and opsiyonal na paraan sa limang pagkakataon lamang sa inyong buong buhay. Dapat $400 o mas mataas ang inyong tunay na neto sa hindi bababa sa dalawang taon nitong nakaraang tatlong taon, at ang inyong netong kinita ay kinakailangang mas mababa kaysa dalawang-katlo ng inyong kabuuang kita.

Ganito ito ginagawa:

- Kung ang inyong kabuuang kinita sa sariling negosyo ay sa pagitan ng $600 at $2,400, maiuulat ninyo ang dalawang-katlo ng inyong kabuuan o ng inyong tunay na netong kinita; o
- Kung ang inyong kabuuang kinita ay $2,400 (o higit pa) at ang tunay na netong kita ay $1,600 (o mas mababa), maiuulat ninyo ang $1,600 o ang inyong tunay na netong kinita.
- Umpisa sa buwisang taon 2008 pataas, ang pinakamataas na halagang maiuulat gamit ang opsiyonal na paraan ng pag-uulat ay katumbas ng halagang kailangan upang makakuha ng apat na kredito sa pagtatrabaho para sa nakatakdang taon. Halimbawa, para sa buwisang taon 2014, ang pinakamataas na halagang maiuulat gamit ang opsiyonal na paraan ng pag-uulat ay $4,800 ($1,200 x 4).

Sadyang paunawa para sa mga magsasaka: Kung kayo ay isang magsasaka, maari ninyong gamitin ang opsiyonal na paraan ng pag-uulat bawat taon. Hindi kinakailangang nakakamit ng tunay na netong kinita na hindi bababa sa $400 sa nakaraang taon. Aming iminumungkahi na tumawag kayo sa amin at humingi ng kopya ng *A Guide For Farmers, Growers And Crew Leaders* (Publikasyon Blg. 05-10025). Ganoon din, ang halaga ng ibang kabuuang kita sa sakahan, netong kita sa sakahan at di-sakahan ay nagbabago.

Ang Publikasyon Blg. 334 ng IRS, *Tax Guide for Small Business*, ay may karagdagang nakatutulong na impormasyon. Makikita ninyo ito sa ***www.irs.gov*** o tumawag sa **1-800-829-4933**.

Paano mag-ulat ng kinita

Dapat ninyong kumpletuhin ang mga sumusunod na pormularyo ng pederal na buwis bago ang ika-15 ng Abril pagkatapos ng anumang taon na mayroon kayong netong kinita na $400 o mahigit:

- Form 1040 *(U.S. Individual Income Tax Return—Ulat Pang-indibidwal ng Buwis para sa Kita sa Estados Unidos)*
- Schedule C *(Profit or Loss from Business—Tubo o Pagkalugi mula sa Negosyo)* o Schedule F *(Profit or Loss from Farming—Tubo o Pagkalugi mula sa Pagsasaka)* kung alin ang naaangkop; at
- Schedule SE *(Self-Employment Tax—Buwis ng May Sariling Negosyo)*.

Makukuha ninyo ang mga pormularyong ito sa website ng IRS sa ***www.irs.gov***. Ipadala ang ulat ng buwis at ang mga nakatakdang bayarin kasama ang inyong buwis para sa may sariling negosyo sa IRS.

Kahit na wala kayong utang na anumang buwis sa kita, dapat ninyong kumpletuhin ang Form 1040 at Schedule SE upang magbayad ng buwis ng Social Security para sa may sariling negosyo. Ito ay dapat ninyong gawin kahit na tumatanggap na kayo ng mga benepisyo ng Social Security.

Mga sitwasyon ng pampamilyang negosyo

Ang mga miyembro ng pamilya ay maaaring magkasamang magpatakbo ng negosyo. Halimbawa, ang isang mag-asawa ay maaaring maging magkasosyo o magpatakbo ng isang pinagsamang negosyo (joint venture). Kung kayong dalawa ay magkasamang nagpapatakbo ng isang negosyo bilang magkasosyo, bawat isa sa inyo ay dapat mag-ulat ng inyong bahagi sa kinikita ng negosyo bilang neto (net earnings) sa magkahiwalay na ulat para sa may sariling negosyo (Schedule SE), kahit na magpa-file kayo ng magkasamang income tax return. Ang mga magkasosyo ay dapat magpasya sa halaga ng neto na dapat iulat ng bawat isa (halimbawa, 50 porsiyento at 50 porsiyento). Gayundin, ang isang mag-asawa na parehong malaki ang partisipasyon sa isang pinagsamang negosyo at magkasamang nagpa-file ng ulat ay maaaring magpasyang patawan ng buwis bilang isang kwalipikadong pinagsamang negosyo sa halip na isang sosyohan. Ang bawat isa ay dapat mag-file ng magkahiwalay na Schedule C o C-EZ.

Pagtawag sa Social Security

Para sa karagdagang impormasyon at upang makahanap ng mga kopya ng aming mga inilimbag na lathalain, bumisita sa aming website sa ***www.socialsecurity.gov*** o tumawag ng libre, sa **1-800-772-1213** (para sa mga bingi o may kahirapan sa pandinig, tumawag sa aming TTY na numero, sa **1-800-325-0778**). Tinuturing namin ang lahat ng mga tawag na kumpidensyal. Kung ikaw ay nagsasalita ng Kastila, pindutin ang 2. Para sa lahat ng ibang mga wika, pindutin ang 1, manatili sa linya at manahimik habang nagsasalita ang aming awtomatikong hudyat sa boses Ingles, hanggang mayroong isang kinatawan na sumagot. Ang kinatawan ay tatawag sa isang tagasalin-wika upang tulungan ka sa iyong tawag. Ang serbisyo para sa tagasalin-wika ay libre. Maaari naming sagutin ang mga partikular na katanungan mula alas-7 ng umaga hanggang alas-7 ng gabi, Lunes hanggang Biyernes. Sa kalahatan, mas maikli ang paghihintay ninyo kung kayo ay tatawag sa kahabaan ng linggo matapos ang Martes. Maaari kaming magbigay ng impormasyon sa Ingles sa pamamagitan ng awtomatikong serbisyong telepono 24-oras sa isang araw.

Nais din naming siguraduhin na maka-tatanggap ka ng wasto at magalang na serbisyo. Ito ang dahilan kung bakit mayroon kaming pangalawang kinatawan ng Social Security na nagmo-monitor ng ilang mga tawag sa telepono.

Social Security Administration
SSA Publication No. 05-10022-TL
If You Are Self-Employed (Tagalog)
January 2016